# PARITUSOK

---

*Manuel Ortega Abis*

*"Ang 2020 ay nagsimula bilang isang bangungot na pagputok ng isang bulkan,
at nagwakas bilang isang pangarap na pagtusok sa ating katawan."*

2
0
2
1
Paritusok
ang naging hugis ng taon
sa kaniyang pagpasok.
Tulad ng isang nakasabit
na parol sa harapan
ng isang pagamutang-
bayan, na hiringgilya
ang bawat dulo. Nakatutusok,
tagos hanggang sa
pinakailalim ng aking balat
ang mga matatalas na
matang nagmamatyag
sa bawat kilos ng bawat
oras ng bawat araw sa
daigdig. Nakatutusok,
tagos maski pa sa pinakalikod
ng aking tinig na pinatungan pa ng ilang
maskarang walang silbi
kundi ang ibalot ako
sa isang uri ng pagsasariling

-buhay na nakasasagip-buhay.
Tulad ng kapatagang
tila buo ang kapanatagan
at katuwiran
na aking kinatutuntugan
sa kasalukuyan,
mananatili itong
bilog at dinamiko sa haraya
ng mga hugis;
at sa pagputok
ng bulkan
sa loob at labas
ng aking katawan,
maisisiwalat nito
ang kailangan ko
na tanggaping
katotohanan na
paritusok
ang nananaig
din sa hubog
ng pinakabuod
ng pag-inog ng isang
tagapagligtas at tagagunaw na mundo -
bilang nagtatagisang
likhang antibody na lunas
at likas na baryasyong lason.
Tulad ng mga bituing kumukutikutitap
na binhian at libingan ng aking pangarap
na maaari kong iturok nang isa, dalawa
o maging tatlong ulit pa sa rilim ng aking pagkatao
sa pusikit ng isang malalim na malalim na gabi.